ACTIVITY

A. Kulayan ang larawan.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang hiniling ni Haring Artaxerxes kay Ezra?

_____

2. Ano ang natuklasan ni Ezra nang siya ay dumating sa Jerusalem?

_____

3. Ano ang naging reaksiyon ng mga tao nang basahin ni Ezra ang Aklat ng Kautusan?

_____

4. Bakit mahalagang sundin ang mga batas ng Diyos ayon kay Ezra?

_____

5. Paano mo maipakikita ang iyong pag-ibig sa Diyos sa iyong pang-araw-araw na buhay?

_____

Si Ezra ay lubos na nakatuon sa pagsunod at pagtuturo ng mga batas ng Diyos. Sabik siyang ibahagi sa iba ang kanyang kaalaman tungkol sa mga batas ng Diyos at sa kanyang pamumuno ay ginabayan niya ang mga Israelita na manumbalik sa Diyos at mamuhay na may pagsunod sa mga batas Niya. Hinikayat ni Ezra ang mga tao na magkaroon ng kagalakan sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ang mga batang tulad natin ay dapat na maging dedikado sa pag-aaral, pagsunod at pagbabahagi ng salita ng Diyos sa iba tulad ni Ezra. Ang pagsunod sa Diyos at sa Kanyang salita ay nagdudulot ng tunay na kaligayahan sa ating buhay.

C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang maliit at masayang bayan, may nakatirang 7 taong gulang na batang babae na ang pangalan ay Emma. Si Emma ay isang matalinong bata na mahilig maglaro kasama ang kanyang mga kaibigan, mag-explore sa hardin, at magbasa ng mga kuwento kasama ang kanyang pamilya. Ngunit isang araw, may nangyari na nagbago sa buhay ni Emma.

Si Emma at ang kanyang matalik na kaibigang si Lily ay laging magkasama, mula sa paglalaro ng taguan hanggang sa pag-share ng mga sikreto. Isang maaraw na hapon, habang naglalaro sa park, nakakita si Emma ng isang maganda at kumikislap na pulseras sa lupa. Pinulot niya ito at humanga sa kagandahan nito. Ito ang pinakamagandang bagay na nakita niya.

Napansin ni Lily ang pulseras at nagtanong, "Saan mo nakuha yan, Emma?"

Nag-atubili si Emma. Gusto niyang angkinin ang pulseras at, nang hindi nag-iisip, sinabi niya, "Akin ito. Binili ito ng nanay ko para sa akin."

Nagtaka si Lily pero naniwala siya sa kanyang kaibigan. Suot-suot ni Emma ang pulseras nang may pagmamalaki, ngunit sa loob-loob niya, nakaramdam siya ng kaunting kaba sapagkat alam niyang hindi kaniya iyon at nagsinungaling siya sa kanyang kaibigan.

Kinagabihan, hindi makatulog si Emma. Paulit-ulit niyang naiisip ang pulseras at kung paano siya nagsinungaling kay Lily. Naalala niya ang mga kuwento na ikinuwento ng kanyang mga magulang tungkol sa pagiging tapat at kung paano gusto ng Diyos na palagi tayong nagsasabi ng totoo. Alam ni Emma na nagkamali siya.

Kinabukasan, nagpasya si Emma na sabihin ang totoo sa kanyang nanay. Habang umiiyak, inamin niya, "Nanay, nakita ko itong pulseras sa parke at sinabi ko kay Lily na akin ito. Nagsinungaling ako, at pakiramdam ko'y napakasama."

Niyakap siya ng mahigpit ng kanyang nanay at sinabi, "Emma, ipinagmamalaki kita dahil sinabi mo ang totoo. Ang bawat isa ay nagkakamali, ngunit mahalaga ang aminin ang mga ito at itama ang mga pagkakamali."

Naramdaman ni Emma na mas gumaan ang kanyang pakiramdam pagkatapos niyang kausapin ang kanyang nanay, ngunit alam niyang kailangan rin niyang itama ang mga bagay kay Lily. Kaya't nag-ipon siya ng lakas ng loob at pumunta sa bahay ni Lily. Nang buksan ni Lily ang pinto, malalim na huminga si Emma at sinabi, "Lily, may kailangan akong sabihin sa iyo. Hindi akin ang pulseras. Natagpuan ko ito sa park at nagsinungaling ako sa iyo. Patawarin mo ako."

Nagulat si Lily ngunit ngumiti. "Salamat sa pagsasabi ng totoo, Emma. Ayos lang. Pinapatawad kita."

Naramdaman ni Emma na gumaan ang kanyang loob matapos sabihin ito. Iniabot niya ang pulseras kay Lily at nagyakapan sila. Dinala nila ang pulseras sa *Lost and Found*.

Pagkatapos nito, nagpasya si Emma na nais niyang mas matuto pa tungkol sa salita ng Diyos at sundin ang Kanyang mga paraan. Nagsimula siyang magbasa ng kanyang Bibliyang pambata gabi-gabi kasama ang kanyang mga magulang. Gustung-gusto niya ang mga kuwento tungkol kay Jesus, Moises, at syempre, si Ezra.

Nagsimula rin si Emma na magdasal araw-araw, hinihingi ang tulong ng Diyos na maging tapat, mabait, at mapagmahal. Nag-umpisa rin siyang dumalo sa Sunday School, kung saan mas marami pa siyang natutunan tungkol sa pag-ibig ng Diyos at kung paano mamuhay ng naaayon sa Kanya.

Mula noon, patuloy na lumago si Emma sa kanyang pananampalataya, palaging naaalala ang mga aral na natutunan mula sa kanyang pagkakamali at ang kanyang dedikasyon sa Diyos. Siya ay isang nagniningning na halimbawa kung paano ang paghahanap ng kapatawaran at pamumuhay para sa Diyos ay maaaring magdala ng tunay na kaligayahan at kagalakan sa ating mga buhay.

Mga tanong:

1. Ano ang nakita ni Emma sa park na naging dahilan ng kanyang problema?

   _____

2. Ano ang naramdaman ni Emma matapos magsinungaling kay Lily?

   _____

3. Bakit mahalaga ang paghingi ng tawad kapag nakagawa ka ng mali?

   _____

4. Paano mo maipakikita ang pag-ibig mo sa Diyos sa iyong buhay, tulad ni Emma?

   _____

Nakonsensya si Emma sa kanyang pagsisinungaling. Nagkamali siya ng magsinungaling siya tungkol sa pulseras, ngunit napagtanto niya na ang pagiging totoo ay napakahalaga. Nagkaroon siya ng lakas ng loob na aminin ang pagkakamali niya sa mama niya at sa kaibigan niyang si Lily. Ipinakita ni Emma ang kahalagahan ng paghingi ng tawad kapag nakagawa tayo ng mali. Nagpasiya si Emma na matuto pa tungkol sa Diyos at sundin ang Kanyang mga paraan pagkatapos ng kanyang pagkakamali.

Ang mga batang tulad natin ay dapat na tularan ang halimbawang pinakita ni Emma. Ang pagaaral ng salita ng Diyos at pagsasabuhay nito ang tutulong sa atin upang makagawa tayo ng tama tulad ni Emma. Ang pagtitiwala at pagsunod sa Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya at siya ring magbibigay ng tunay na kasiyahan sa ating buhay.

D. Memory Verse

Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw. **Mga Awit 119:105**

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC.
2015